

**Mga Panalangin mula sa Silangan at Timog Africa**

Ang Botswana ay isang saradong bansa sa Timog Africa, at ang kapitolyo nito ay ang Gaborone. Ito ay isa sa kakaunting demokratikong bansa sa Africa. Ang Kristianismo ang dominanteng relihiyon, na binubuo ng 70% ng populasyon. Sa kabila nito, ang mga kababaihan ay nahaharap sa maraming hamon, kasama na ang limitadong akses sa edukasyon, pangangalagang pangkalusugan at pagkakataon upang kumita. Ang pamantayan sa lipunan ay kadalasang naglalagay ng hindi makatarungang pasanin sa mga kababaihan bilang tagapag-alaga habang napipigil ang kanilang mga kakayahan na palawigin ang pansariling kaunlaran. Dalawa sa tatlong bahagi ng mga kababaihan sa Botswana ay nakakaranas ng pang-aabuso, isang bahagi na mahigit sa doble ng karaniwang bilang sa buong mundo. Tinutugunan ng TWR Women of Hope ang mga hamon na ito sa pamamagitan ng pagkandili sa paglagong espiritual at kagalingang emosyonal ng mga kababaihan, na nagbibigay sa kanila ng pag-asa.

카카오톡 채널에서 '소망의 여인들' 채널을 추가하시면 매주 월요일에 한국어 기도카드를 받으실 수 있습니

**1**. Ama, nawa ay matigil na ang mataas na bilang ng karahasan sa Selebi-Phikwe, Botswana, lalo na para sa mga Kristianong kababaihan na ang mga asawa ay hindi mananampalataya. (Rom. 8:18)

**2**. Panginoon, nawa, ang mga kaugalian at batas ay umayon sa mga kababaihan sa Burundi upang sila ay magkaroon ng pantay na karapatan sa pagmamay-ari ng mga manang natanggap nila. (Prov. 31:16)

**3**. Ama, hinihiling namin na nawa ang mga kababaihan sa Comoros ay magkaroon ng kakayahan upang magkaroon ng pagkakataon sa edukasyon at pangangalagang pangkalusugan tulad ng sa mga kalalakihan. (Gal. 3:28)

**4**. Diyos, loobin Mo nawa na ang mga kababaihan sa Djibouti ay magkaroon ng pagkakataon na makapagtrabaho upang maputol ang kahirapan. (Phil. 4:19)

**5**. Panginoon, pagkalooban Mo nawa ng pagkakataon para sa maayos na edukasyon at pangangalagang pangkalusugan ang mga kababaihan sa Eritrea. (Jer. 33:6)

**6**. Nawa ang mga biyuda sa Eswatini ay maigalang at maprotektahan mula sa kahihiyan. Ama, ipagkaloob Mo ang kanilang mga pangangailangan at nawa ay magkaroon ng hustisya para sa kanila.. (Ps. 68:5)

**7**. Panginoon, nawa ay matagpuan ng mga kababaihan sa South Africa ang kanilang halaga sa Iyo at yakapin nila ang katotohan na sila ay nilikhang kahangahanga at kamanghamangha. (Ps. 139:14)

**8**. Diyos, palakasin Mo ang Norea Media Mission at ang kanilang mga kaagapay sa kanilang pagpapatuloy ng gawain na pagsasanay sa mga kababaihan sa Zanzibar at Pemba upang maharap nila ng may katatagan ang trauma. Gabayan Mo ang mga tagapanguna sa pagsasanay na magaganap sa Oktubre 2025. (Luke 4:18)

**9**. Ama, nawa ang mga kababaihan sa Kenya ay masali sa proseso ng paggawa ng desisyon at tungkulin bilang tagapanguna sa bawat aspeto ng kanilang buhay. (Prov. 31:26)

**10**. Diyos, nawa ay matigil na ang karahasan sa tahanan sa Madagascar at nawa ang mga kababaihan ay mabigyan ng hustisya at suportang kailangan nila. (Ps. 46:5)

**11**. Panginoon, putulin Mo nawa ang mga hadlang base sa kultura na hinaharap ng mga kababaihan sa mga liblib na lugar sa Malawi tungkol sa pangangalagang pangkalusugan. Nawa ang mga komunidad ay maglaan ng ligtas at marangal na pangangalaga para sa kanila. (Ps. 28:7)

**12**. Diyos, gumawa Ka po sa puso ng mga taong hindi nagpapahalaga sa mga kababaihan sa Mauritius. Nawa, ang diskriminasyon sa trabaho dahil sa kasarian ay mawala. (Rom. 2:11)

**13**. Panginoon, nawa ay malampasan ng mga tahanang pinamumunuan ng mga babae ang kahirapan at magkaroon sila ng sapat na mapagkukuhanan ng kanilang ikabubuhay upang matulungan ang kanilang pamilya na maging matatag. (Ps. 34:6)

**TWR Korea 북방선교방송**

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층

전화 (02)886-5671 / 이메일 hskim@twrk.or.kr

**14**. Ama, tulungan Mo ang mga kalalakihan sa Rwanda na maunawaan ang kanilang mga asawa at makilahok sa mga mahalagang tungkulin ng pangangalaga sa kanilang pamilya at tahanan. (Matt. 11:28)

**15**. Panginoon, pagkaisahin Mo sa pagmamahalan ang mga mag-asawa sa Tanzania. Nawa ay unahin nila ang kapakanan ng kanilang mga pamilya. (Mal. 2:16)

**16**. Diyos, pagalingin Mo nawa ang mga biktima ng karahasan sa Uganda. Nawa, ang kanilang tinig ay marinig at magdala ng pagbabago sa Lipunan. (Ps. 103:6)

**17**. Ama, nawa ang Iyong pag-ibig at pagpapagaling ay magpanumbalik sa wasak na mga puso ng mga bata sa Eswatini na nakakaranas ng trauma dahil sa karahasan, kahirapan at kawalan. Pagkalooban Mo sila ng pag-asa, pag-iingat at kapayapaan. (Jer. 17:14)

**18**. Ama, sa Iyong kapangyarihan, tanggalin Mo ang masamang espiritu ng karahasan sa South Africa na dumaranas ng krimen, karahasan dahil sa kasarian at pagpatay sa mga kababaihan. Baguhin Mo ang puso ng mga salarin. (Gal. 5:19-21)

**19**. Diyos, dalangin namin na nawa ay magkaroon ng pagbabago sa kultura at mga gawain na nagiging dahilan upang mapabayaan ang mga kababaihan sa Somalia. Tulungan Mo nawa ang bawat babae doon na matagpuan ang kalayaan upang maabot niya ang kanyang pinakamahusay na kakayahan. (Ps. 9:9)

**20**. Salamat, Panginoon, sa paggamit Mo sa tapang at talino ng mga babaing lider sa South Sudan upang kanilang maisulong ang kapayapaan Pagpalain Mo ang kanilang pagpupunyagi na magdala ng pagkakasundo sa kanilang bansa. (Matt. 5:9)

**21**. Ama, hiling namin na gumawa Ka sa buhay ng mga kababaihan sa Tanzania na nakakaranas ng malubhang karahasan sa tahanan. (1 Cor. 13:4-7)

**22**. Panginoon, palakasin Mo ang mga Kristiano sa Zanzibar at Pemba, upang magtiyaga at lumahok sa proseso ng paggawa ng desisyon sa pamahalaan. (Rom. 5:3-5a)

**23**. Diyos, nawa ay magkaroon muli ng pagkakataon para makapagaral at makapagtrabaho ang mga kababaihang Zambian na nawalan ng trabaho at nahinto sa pag-aaral dahil sa pandemic. (Prov. 1:5)

**24**. Panginoon, palakasin Mo nawa ang mga lola sa Zimbabwe na nag-aalaga ng kanilang mga apo habang ang mga magulang ay nagtatrabaho sa kalapit na mga bansa. (Isa. 40:31)

**25**. Pagkalooban nawa ng Panginoon ng karunungan ang mga namumuno sa Eswatini sa kanilang pagharap sa mahirap na sitwasyon dahil sa pagbaba ng pondo na nakaapekto sa gawain ng pangangalaga ng kalusugan. (James 1:5)

**26**. Ama, dalangin namin na nawa ang mga trabaho ay maibalik sa ekonomiya ng South Africa upang ang mga tao, lalo na ang mga kabataan ay makahanap ng trabaho at magkaroon ng pagkakakitaan para sa kanilang mga sarili. (2 Thess. 3:10-12)

**27**. Diyos, magbukas Ka nawa ng mga pagkakataon sa buhay ng mga kababaihan sa Uganda na nahaharap sa mga hadlang upang makapag-aral, mapangalagaan ang kalusugan at mapunuan ang mga pangangailangang pinansiyal. (Ps. 146:7)

**28**. Panginoon, pagkalooban Mo ng karunungan ang mga opisyal ng pamahalaan sa Zanzibar at Pemba sa kanilang paghahanap ng pamamaraan upang makalikha ng mga trabaho para sa mga mamamayan upang mapagaan ang kahirapan. (Deut. 8:18)

**29**. Panginoon, ipagkaloob Mo nawa ang pagbabago sa mga Kabataan ng Eswatini upang malaman nila ang mga pamamaraan kung paano magamit ang kanilang mga kakayanan upang makapagtayo ng mga negosyo sa kanilang komunidad. (Col. 3:23)

**30**. Ama, ibalik Mo nawa sa kanilang mga magulang ang mga nawawalang bata sa South Africa. Nawa ay maparusahan ang may sala at magkaroon sila ng pagbabago sa pamamagitan Mo. (Jer. 31:17)

**31**. Panginoon, 98% ng mga kababaihan sa grupo ng pananalangin sa Zingwe Zingwe sa isla ng Zanzibar ay hindi marunong bumasa at sumulat. Gumawa Ka ng paraan para sa kanila upang sila ay matutong bumasa at nang sila ay makasunod sa kalendaryong panalangin at makapagbasa ng Biblia. (Prov. 4:13)

**후원안내**
**국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송**
**최초 입금 후 사무실로 연락주시기 바랍니다.**